

Teknolohiyang pangkalusugan para sa mga Bicolano, hatid ng Biotek-M

Ni Jasmin Joyce P. Sevilla, *DOST-STII*

Inaprubahan ng Department of Science and Technology (DOST)-Region V ang pagbibigay ng teknikal na suporta na nagkakahalaga ng PhP 5,590,000 para sa adoption ng Biotek-M™ Dengue Aqua Test sa rehiyon ng Bicol.

Kaagapay ang Department of Health-Center for Health and Development (DOH-CHD) Bicol sa pagbibigay ng test kits sa mga district hospital at public healthcare center na malapit sa mga komunidad na tinutulongan ng DOST sa ilalim ng programang Community Empowerment thru Science and Technology (CEST) sa rehiyon.

Dumaan sa mabusising pagsasanay ang mga medical technologist mula sa 26 na district hospital at public healthcare center sa Bicol para sa Biotek-M™ Dengue Aqua Test Kit and NAAT Lamp (Lab-in-a-Mug) noong ika-27 hanggang ika-30 ng Abril 2021 sa Sto. Domingo, Albay.

Pinangunahan ni Kathrine Dubla, field application scientist mula sa Manila HealthTek Inc., ang pagsasanay sa mga medical technologist sa rehiyon kung saan tinuruan sila sa pipetting, viral RNA extraction at



Dumaan sa masusing pagsasanay ang mga medical technologist sa rehiyon ng Bicol noong ika-27 hanggang ika-30 ng Abril 2021 sa Sto. Domingo, Albay Bicol para sa Biotek-M™ Dengue Aqua Test Kit and NAAT Lamp (Lab-in-a-Mug). (Larawan mula sa DOST-V)

Mga Nilalaman

PhP 2M pondo para sa innovative products research sa gulay at prutas Bukidnon, aprubado ng DOST p2

Mga magsasaka sa Zamboanga del Sur nakatanggap ng harvesting technology mula sa DOST-IX p3

DOST-IV A at CDA-R4A, pinangunahan ang regional launching ng "Agri-Negosyo Para sa OFWs" p4

QUASR LAMP Assay methods; analysis of results and evaluation; at clean-up and decontamination. Inobserbahan naman ang tamang health protocol at social distancing sa aktibidad kung saan apat hanggang walong participant lamang ang kada grupo.

Parte ng "Lab-in-a-Mug Project" ang Biotek-M™ Dengue Aqua Kit kung saan nakapaloob ang lahat ng diagnostic kits sa isothermal units na kasing-liit ng mug o tasa. Ito ay maihalalintulad sa isang multi-infectious disease device o portable laboratory. Nagtulungan ang mga lokal na siyentipiko sa Biotechnology, National Institute of Health, University of the Philippines – Manila sa

pagdisenyo ng proyektong ito. Samantala, ang Manila HealthTek, Inc., ang kompanya na may direktiba sa komersyalisasyon ng mga test kit.

Magsisilbing pangalawang lebel at confirmatory test para sa dengue ang Biotek-M dengue aqua test para sa mga pasyenteng nag-negative sa NS1 test ngunit may sintomas ng dengue.

Sa pangunguna at liderato ni DOST-V Regional Director Rommel R. Serrano, patuloy ang DOST-V sa pagsuporta sa mga programa at proyekto sa bansa o sa lokal na rehiyon, lalo sa mga programa patungkol sa kalusugan ngayong panahon ng pandemya. (Impormasyon mula sa DOST-V)

Php2-M pondo para sa innovative products research sa gulay at prutas sa Bukidnon, aprubado ng DOST

Ni Jasmin Joyce P. Sevilla, DOST-STII

Inabrubahan ng Department of Science and Technology (DOST)-Region X ang pagbibigay ng Php2-M pondo para sa research proposal ng Central Mindanao University (CMU) na pinamagatang “Spray Drying of Fruit Vegetable Juice Blends from Abundant and Underutilized Food Crops in Bukidnon”.

Kamakailan ay nakapag-debelop ng nutritious juices ang Food Research and Development Center ng CMU mula sa labis at hindi nagagamit na prutas at gulay sa Bukidnon.

Subalit, walang kapasidad ang center upang mag-imbak ng na-prodyus na juices nang matagal na panahon. Kaya naman,


gumagamit sila ng plastic bottle container upang paglagyan ng mga juice, ngunit ang mga plastic na boteng ito ay karagdagang basura.

Layon ng naaprubahang research na maayos ang problema nila sa basura sa pamamagitan ng Spray Drying Technology kung saan ginagawa nilang spray-dried fruit and vegetable juice blend powder ang mga gulat at prutas sa lugar. Kumpara sa liquid juice, mas tumatagal ang shelf life ng juice blend powder at mas mataas ang stability at efficiency sa storage, handling, at transportation process.


Nasa proseso na ngayon ng technology acquisition ang mga benepisyaryo ng proyekto

sa pamamagitan ng online check turn-over noong ika-22 ng Abril 2021.

Sa implementasyon ng proyekto, layunin ng research na: 1) makapag-debelop ng functional emergency food; 2) rumesponde sa research agenda sa maayos na paggamit ng mga prutas at gulay sa pamamagitan ng scientific research approach; 3) makapagbibigay ng maayos na livelihood program upang matulungan ang komunidad sa Bukidnon; 4) makapagbibigay ng technology adaption sa mga lokal na magsasaka at small and medium enterprises; at 5) magbigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa spray-dried food products sa bansa. (Impormasyon mula kay *Delwin Balanay Jr., DOST-X*)



Pinangunahan ng DOST-V ang online check turn-over ng Php2-M na aprubadong pondo para research proposal ng Central Mindanao State University. (Larawan mula sa DOST-X)



Mga magsasaka sa Zamboanga del Sur nakatanggap ng harvesting technology mula sa DOST-IX

Ni Jasmin Joyce P. Sevilla, *DOST-STII*

Makatutulong ang rice harvester upang mas mapataas ang produksyon ng mga magsasaka sa Mabuting Pangkabuhayan Association sa Zamboanga del Sur. (*Larawan mula sa DOST-IX*)

Sa tulong ng Department of Science and Technology (DOST)-Region IX at ng Provincial Science and Technology Center (PSTC)-Zamboanga del Sur, nabigyan ng rice harvester ang mga magsasaka ng Mabuting Pangkabuhayan Association na nagkakahalaga ng PhP 685,000.

Layon ng DOST-IX at ng PSTC-Zamboanga del Sur na makatulong ang rice harvester upang masolusyunan ang mga problema ng magsasaka sa kakulangan sa labor, delay sa harvest schedule, at mababang kita sa pamamagitan ng mechanization ng kanilang operasyon, mas mataas na oras ng magpoproseso, at mas mataas na kalidad ng mga produkto.

Sa paggamit nila ng rice harvester, tinatayang aabot sa dalawa hanggang tatlong ektarya ng lupa ang kaya nilang trabahuhin kada araw, kung saan maaari silang kumita ng PhP 10,000 hanggang PhP 15,000. Samantala, ngayong hindi pa sila gumagamit ng mechanization farming tool, kaya lamang nila

umani ng isang ektarya kada araw at kumita lamang ng PhP 5,000.

Kasama sa handover ceremony ang mga miyembro ng asosasyon, sa pangunguna ni President Bobby D. Dillera at ng PSTC-Zamboanga del Sur sa pangunguna naman ni PSTC-Zamboanga del Sur Regional Director Engr. Gerardo F. Parot.

Naaprubahan ang pagbibigay ng rice harvester sa mga magsasaka sa pamamagitan ng proyektong “Roll-out of Science, Technology and Innovation of Locally Developed Combine Rice Harvester to Enhance Rice Farm Productivity” na lokal na pinondohan at dinebelop sa Grants-in-Aid (GIA) program ng DOST-IX.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring tumawag sa 991-1024/ (062) 925 1838 or text 09177184284, o mag-email sa dost9info@gmail.com, o bisitahin ang Facebook page sa www.facebook.com/DOSTRegion9. (*Impormasyon mula kay Gladys J. Bernardo, DOST-IX*)

JASMIN JOYCE P. SEVILLA
Editor-in-Chief

ALLAN MAURO V. MARFAL
Managing Editor

JAMES B. INTIA
Layout Artist/Photo Editing
ROSEMARIE C. SEÑORA
Proofreader

FERDINAND M. CARTAS
Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (632) 8837-2071 ext. 2148/Telefax: (632) 8837-2195.

DOST-IV A at CDA-R4A, pinangunahan ang regional launching ng “Agri-Negosyo Para sa OFWs”

Ni Jasmin Joyce P. Sevilla, *DOST-STII*

Sa pangunguna ng Department of Science and Technology (DOST)-CALABARZON at ng the Cooperative Development Authority – Region 4A (CDA-R4A), kasama ang mga miyembro ng the CALABARZON Sub-Task Group on Agribusiness (STGA), idinaos ang regional launching ng “Agri-Negosyo Para sa OFWs” sa CALABARZON sa pamamagitan ng Zoom at Facebook Live noong ika-13 ng Abril 2021.

Dinaluhan ito ng halos 300 na participant mula sa iba’t ibang parte ng mundo kung saan ipinakita ang mga programa sa agriculture o agribusiness para sa mga OFWs at sa mga pamilya nila sa rehiyon.

Kasama sa mga iprinisenta ni Department of Trade and Industry (DTI) Usec. Rafaelita M. Aldaba sa mga participant ay ang mga inobasyon at iba’t ibang oportunidad para sa OFWs, kabilang na rito ang Agri-Negosyo program. Nirepresenta ni Usec. Aldaba ang DTI bilang co-chair ng National STGA.

Ang pagbuo sa STGA na ito, katulong ang Department of Agriculture at ang DTI bilang co-chair, at ang CDA, Department of Interior and Local Government (DILG), DOST, National Economic Development Authority (NEDA), Overseas Workers Welfare Association (OWWA), at Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) bilang mga member agencies ay isa sa mga inisyatibo ng gobyerno upang masolusyonan ang kawalan ng trabaho, lalo na sa mga OFWs na naapektuhan ng pandemya.

Layon ng Agri-Negosyo, isang programa ng STGA, na maging daan upang mapag-isa ang mga plataporma ng gobyerno sa pagtulong sa mga OFWs upang makakuha sila ng maayos kabuhayan sa agribusiness.

“[Ang] isang mahalagang function po [ng Agri-Negosyo] ay pagdugtong-dugtungan ang mga programa—a convergence of programs—ng iba’t ibang ahensya,” dagdag ni Usec. Aldaba.

Maaaring makita ang mga serbisyo at programa sa Agribusiness Portfolio sa <http://innovate.dti.gov.ph/programs/agri-negosyo-para-sa-ofws>.

Samantala, anim na opisina sa CALABARZON, sa pamamagitan ng kani-kanilang representative, ang nagpakita ng kani-kanilang programa para sa mga OFWs na interesado sa agribusiness. Kabilang sa mga opisina ng ito ay ang: DA

CALABARZON REGIONAL LAUNCH

Agri-Negosyo para sa OFWs



Pinangunahan ni DOST-IV A OIC Emelita P. Bagsit (kaliwa) ang pagpapakita ng mga inobasyon ng DOST para sa Filipinos Working Distantly from the Philippines (iFWD PH) at ni Dara Jannes C. Obmerga (kanan) ng DTI-IV A Regional Office sa online launching ng “Agri-Negosyo para sa OFWs” noong ika-13 ng Abril 2021. (Screenshot mula sa Zoom)

Regional Field Office IV-A, DTI 4A Regional Office, CDA-R4A (CALABARZON), DOST-CALABARZON, TESDA-Cavite, at OWWA Regional Welfare Office IV-A.

Kasama rin sa mga nag-presenta si DOST-IV A Officer-in-Charge Emelita P. Bagsit, kung saan ipinakita rin niya ang mga bagong programa para sa OFWs na “Innovations for Filipinos Working Distantly from the Philippines (iFWD PH) Program” na sinimulan pa noong 2020. Layon ng programang ito na matulungan ang mga OFWs na naapektuhan ng pandemya. Paliwanag ni OIC Bagsit, sa ilalim ng programang ito ay mabibigyan ng gabay ang mga OFWs kung paano simulant at patakbuhan ang sarili

nilang technology-based business. Maaari ring makatanggap ng pinansyal na suporta hanggang PhP 250,000 ang mga interesadong OFWs upang makatulong sa product development, market and laboratory testing, packaging and labeling, equipment acquisition at iba pang katulad na gastos sa kanilang negosyo. Maaaring mag-apply ang mga interesadong OFW sa iFWD PH sa <https://ifwdph.dost.gov.ph>.

Maaari ring mapanood ang replay ng “CALABARZON Regional Launch of the Agri-Negosyo Para sa OFWs” sa <https://www.facebook.com/dostcalabarzon/videos/469453294179471>. (Impormasyon mula kay Krizzia Mei C. Esperanza, DOST-CALABARZON)